

PROLOGUE



“**J**NUTIL!” sigaw ng tatay ko.

It was nothing personal, I know. Isandaang libong beses ko na yatang narinig iyon mula sa kanya at ngayon, kapag sinasabi niya iyon, ang naririnig ko na lang ay, *‘Ang gwapo mo talaga, Ash! Regalo ka ng Panginoong Diyos sa mga kababaihan.’*

I think inuulit-ulit niya iyon dahil hindi talaga tumatatak sa isip kong inutil ako. Pasok sa isang tainga, labas sa ilong.

“Bakit hindi ka tumulad sa mga kapatid mo?”

Sa mga kapatid kong less than perfect, of course.

“Hanggang ngayon, wala ka pa ring silbi!”

I breathe, Dad. Nagpo-provide ako ng carbon dioxide sa mga puno at halaman.

“Sayang ang ginastos ko sa pagpapaaral sa ‘yo!”

Aba, Dad, alalahanin mo, ikaw ang nagpumilit na mag-aral ako. And I did graduate, didn’t I? Took me seven years pero ‘ayan, may diploma na rin ako, sa wakas!

“Ilang taon ka na, wala ka pa ring trabaho! Walang kinabukasan! Palamon!”

Dad, bagong graduate, di ba? Trabaho kaagad? Di ba pwedeng pabinga muna? Buti pala hindi ako malakas kumain.

Marami pang sinabi ang tatay ko pero hindi ko na inintindi masyado. Imagine-in mo ang hitsura ko. Nakahiga ako sa kama,



may nakasaksak na IV sa kamay. I have three or four broken ribs, lacerations on my arms and face, a broken leg and a concussion. No biggie.

Kagagaling ko lang kasi sa aksidente. I *accidentally* drove my dad's car into a concrete barrier on C5 because I *accidentally* drank a liiiiittle too much *Jack Daniels* when I *accidentally* attended a high school friend's birthday party. Kahit iyong birthday niya ay aksidente to be honest. He was a product of one drunken night and a broken condom.

Point is nakaratay ako habang naglilitanya ang tatay ko, lango sa painkillers at halos walang-malay kaya wala talagang epekto sa akin ang pinagsasasabi niya.

"Hindi ko na alam kung ano pa'ng gagawin ko sa kanya, Ernest," galit na galit na sabi ni Daddy. *Kalma, Dad. Baka mauna ka pang mamatay sa 'kin.* "Hindi ko na talaga alam."

"Pwede bang saka mo na lang isipin 'yan, Efren?" ani Ninong Ernest. "Ni hindi pa magaling si Ash, ganyan kaagad ang sinasabi mo."

"He totaled a brand new *Audi R8!*" sigaw ni Daddy. "Gusto mo bang ngumiti at magpasalamat ako sa kanya?"

"Magpasalamat ka na lang na buhay ang anak mo," giit ng ninong ko.

"Magpasalamat? Kung namatay siya, mas mura ang babayaran ko!"

Love you, too, Dad.

"Huwag ka ngang magsalita ng ganyan," sabi ni Ninong.

“Isinusumpa ko, Ernest. Pagkagising ng batang ’yan, I want him out of the house. Suko na ako. Wala na akong pakialam sa kanya.”

Bumuntong-hininga si Ninong Ernest. Sanay na rin siya kay Daddy. Ilang beses na rin kasi talaga akong binantaan ng ganoon ng tatay ko.

“Saka na natin pag-usapan. Buhay si Ash at ’yon ang mahalaga.”

Buhay nga ba ako? Well, siguro. Kasi kung patay na ako, malamang hindi ganito kasakit ang katawan ko, di ba?

“Basta, paggising niyan, he’s out of the house. Kakausapin ko na rin si Atty. Peralta. I want his name out of my will.”

“Ganito na lang,” sabi ng ninong ko. “Gusto mong matuto siyang tumayo sa sarili niyang paa, di ba?”

“Yes! Para naman hindi siya habambuhay na inutil!”

There goes that word again.

“Ganito na lang,” patuloy ni Ninong Ernest. “I’ll find him a job.”

What?! Ninong, okay ka lang?

“He can work there for, let’s say, a month—”

“A year,” gigil na giit ni Daddy.

“Six months.”

“Six months,” sang-ayon ni Ninong Ernest, “he can work for six months, prove that he can be responsible. Kung hindi, saka mo na siya ‘palayasin’ kung ’yun talaga ang gusto mo.”

Oh, believe me, Ninong. Yun talaga ang gusto niya.



Hindi kaagad nagsalita si Daddy. Finally, he said, “Six months, Ernest. At habang nagtatrabaho siya, ’wag siyang umasa sa ’kin. I’m not going to pay his credit card bill or his phone bill. He can live somewhere else. Siya ang gumastos kung gusto niyang kumain and his car stays at home. At kapag nagtatrabaho na siya, he can pay me back for the car he wrecked and for the hospital bill.”

Gusto kong tumawa. Kung hindi lang siguro masakit ngayon ang tumawa, I would probably be laughing my ass off. Was he fucking kidding? Magtatrabaho ako para bayaran ang isang P14M car? Ano sa tingin niya ang mahahanap na trabaho ni Ninong Ernest para sa ’kin na ganoon kalaki ang kita? Artista? CEO? Pulitiko? And why the fuck should I pay for his stupid car? Dapat nga magpasalamat siya sa ’kin eh. He was sixty years old and was hoping to drive an *Audi R-freaking-8*. Ano’ng akala niya sa sarili niya, binata?

“Let’s talk about it when Ash is better,” ani Ninong Ernest.

“I’ve made up my mind,” giit ng tatay ko. “Kailangang matuto ng leksyon ang batang ’yan and the only way for that to happen is if he experiences life.”

Narinig kong bumukas at sumara ang pinto ng hospital room ko, pagkatapos ay naramdaman ko ang kamay ni Ninong Ernest sa kamay ko.

“Hay, naku, Ash,” mahina niyang saad. “What have you gotten yourself into?”

I have no freaking clue, Ninong. No freaking clue.

1

It took me six weeks to fully recover. Okay, so apat na linggo lang talaga, pero kung alam mo bang anim na buwang slave labor ang kasunod ng recovery period mo, hindi mo ba patatagalin ang pagpapagaling? So limang linggo na akong nakatira sa kuya ko mula nang ma-discharge ako sa ospital kasi hindi ko nauto—I mean, determinado talaga ang tatay kong turuan ako ng leksyon.

Inihatid ako ni Ninong Ernest sa bahay ni Kuya Lex pagkatapos kong umuwi para kumuha ng mga damit at iba pang gamit. No need to beg my brother to let me live with him. Pusong mamon si Kuya. Ako ang paborito niyang kapatid.

Sa unang araw ko sa trabaho, siya rin ang naghatid sa akin sa bago kong opisina.

“Stop playing with your tie,” saway niya nang huminto kami sa stoplight.

“Can’t help it.” Idinaan ko uli ang isang daliri sa pagitan ng leeg ko at ng collar ng suot kong long-sleeve kung saan nakabuhol ang kurbata (na hiniram ko rin kay Kuya). Do I strike you as a guy who’d be caught dead wearing a fucking tie? “Bakit ba kasi kailangan kong magkurbata?”

“Dahil dress code ’yan sa kompanya? Pasalamat ka hindi mo kailangang mag-suit.”

Sinulyapan ko siya. Since *he* was the COO of the company my



mother's family had established in 1967 and owned up to this day, yeah, he was wearing a suit.

“Fuck. Ba’t kasi hindi na lang ako magtrabaho para sa ‘yo?”

“We already tried that, remember? It didn’t end well.”

Yeah, and that hadn’t been pretty.

Muling umandar ang sasakyan nang mag-green ang ilaw. “Para rin naman ‘to sa ‘yo,” sabi ni Kuya Lex. “Paano kung wala na kami ni Mommy? Sino’ng mag-aalaga sa ‘yo?”

“Si Ate Kaye.”

He snorted. “Malamang ipatumba ka pa n’un sa hitman para wala na siyang kaagaw sa mana niya.”

I leaned my head back against the headrest. “Yeah, well. Ganoon niya ‘ko kamahal.”

Inihinto ni Kuya ang sasakyan sa tapat ng isang mataas na gusali sa 31st Street sa *Bonifacio Global City* at binalingan niya ako. “Just think about it, okay? Isipin mo rin na training mo ‘to bago ka pumasok ulit sa kompanya.”

Tumirik ang mga mata ko. “Kuya, isasaboy muna natin sa Pacific Ocean ang abo ni Daddy bago niya ako bigyan ng management position sa mahal niyang kompanya.”

“May pera ka pang-lunch?” tanong niya nang abutin ko ang door handle.

“Wala.”

Kinuha ni Kuya ang wallet niya and handed me a P1,000 bill. Ngumisi ako habang ibinubulsa iyon. “Salamat. Don’t worry. I’ll be okay. Big boy na ‘ko. Hindi ako makikipag-away sa ibang bata.”



Tumawa si Kuya Lex. “Fine. I’ll see you back at the house later.”

“Bye.”

Bumaba ako ng kotse niya at kumaway bago ko isinara ang pinto. Bumusina siya at nagsimulang magmaneho palayo.

Sa ating dalawa lang, mas mahal pa ang wallet ko kaysa sa laman niya ngayon. May tumatagiting akong P1,127.25, P120 of which was in my wallet plus iyong bigay ni Kuya Lex na isang libo.

Sa totoo lang, ngayon lang bumaba nang ganito ang finances ko. Hindi pa bumaba sa limang libo ang laman ng wallet ko, idagdag pa iyong limit ng credit card ko na kailangan kong ipaalala sa sarili ko na-maxed out na. Tinotoo rin ng tatay ko ang hindi pagbabayad sa mga iyon. Ayoko namang gamitin iyong emergency credit card na extension ng sa nanay ko. Sasakalin ako n’un.

Umiiling, pumasok ako sa building ng bago kong preso—I mean, office. Dumaan ako sa security check sa guard, pagkatapos ay sa turnstiles bago makarating sa reception desk.

Binigyan ako ng temporary pass ng receptionist at pinaakyat sa penthouse ng gusali kung saan naroon ang executive offices ng *Balajadia Industries*.

Pinapasok ako ng magandang chinitang receptionist at sinabing hinihintay nga raw ako ni Miss Sherilee Valencia, iyong kasalukuyang assistant ni Miss Balajadia na magte-train sa akin.

Naglakad ako hanggang sa dulo ng walang hanggang papunta sa mesa ni Sherilee. Sa layo n’un sa pinto, muntik na akong magtanong kung may golf cart ba sila na pwedeng i-rent o kaya ay



walkalator.

Nang marating ko ang pinakadulo ng floor, may isa ring malaking L-shaped desk na nasa kanto sa likod ng divider na nagbibigay doon ng privacy. Nakaharap sa bintana ang mesa kung saan tanaw ang malaking bahagi ng *Bonifacio Global City*.

Dahil walang tao sa mesa, naupo muna ako sa sofa na malapit doon. Sa tapat ng sofa, may isang mababang coffee table na may maliit na flowering plant sa gitna. Doon ako nag-focus.

It was ten minutes later when the door nearest the desk opened. Kahoy ang pinto pero sandblasted din ang mga salaming dingding na naghiiwalay sa office at sa main production floor kaya hindi ko nakitang may tao sa loob.

Lumabas ang isang babaeng mas matanda sa cute na receptionist pero maganda rin.

Gaganda naman pala labat ng tao rito.

Napahinto siya nang makita ako at maingat na isinara ang pinto sa likuran niya. Tumayo ako na suot nang muli ang charming smile na nagpatibok sa puso ng daan-daan nang mga kababaihan.

“Miss Valencia, I’m Ash Montesines.”

“You’re late,” mataray lang niyang sabi habang pabalik sa mesa.

Okay, so hindi gumana ang smile. Wala sigurong puso itong si Miss Valencia.

“Late? I was here at 9 o’clock.” Sige na, 9:07 AM na raw akong dumating sabi ng relo sa mesa niya. Pero naaalala mo ba iyong lakad mula receptionist papunta rito? Matagal iyon, ha. “Di ba 9 to 5 ang work day?”

She let out a semi-fake laugh, na para bang may alam siya na hindi ko alam. Sumimangot ako. Mukhang nababawasan na ang kagandahan ng babaeng ito sa akin.

“Have a seat, Mr. Montesines.” Itinuro ni Miss Valencia ang bakanteng silya sa tabi ng swivel chair niya. Lumapit ako roon at naupo. Ginalaw niya ang mouse at nagliwanag ang screen para ipakita ang picture ni Miss Valencia at ng isang lalaki. Magkayakap ang dalawa at malaki ang mga ngisi sa camera. Iyong lalaki... sabihin na nating love is blind talaga.

“Let’s get a few things out of the way,” ani *Miss Minchin*. “Mahalaga ang posisyong ’to. We can’t just leave this position in the hands of an incompetent employee dahil maaaring ikabagsak ito ng kompanya if we aren’t careful. And that’s not an exaggeration.”

Well, wala naman akong balak i-bankrupt ang kompanya. I just want to get this over with.

“So please, please tell me you can do this job.”

“Of course,” I said with confidence and a straight face. Kaya kong magsinungaling hanggang sa katapusan ng mundo kahit pa huling-huli na ako. Talent ko iyon.

Tumango si Miss Valencia. “Naka-leave na ako bukas. I was hoping to stay to train you kahit sana isang linggo man lang pero may mga biglaan akong kailangang gawin para sa kasal ko so you have to learn as you go along. I’ll be back after three months.”

Tumango lang din ako.

“Okay. First, wala kang fixed work schedule. You’re expected to



be here earlier or kasabay ni Miss Balajadia.”

“And what time would that be?” tanong ko, kinakabahan.
Alam kong hindi ko magugustuhan ang sagot.

“She comes in at 7 AM.”

What the fuck?

She tilted her head to one side. “And she doesn’t like cussing at work.”

“Sorry. Nasabi ko pala nang malakas.”

A smile lifted one corner of Miss Valencia’s mouth. “Gan’un talaga. Trabaho mo ang ayusin ang files para sa araw na ’yun. Mga notes sa meeting, mga reports, her actual schedule, etc. May mga meetings siya kasama ng mga overseas partners. Pwede kayong mag-meeting nang alas dos ng madaling araw and you have to be here to take down notes.

“Pwede namang to compensate, ayusin mo na lahat ng kailangan mong ayusin ngayon para hindi mo kailangang pumasok nang maaga kinabukasan. But still, courtesy na sa kanya na at least nandito ka kapag nandito siya.”

Paano ba ’yan? I’m not a very courteous person.

“She doesn’t expect na mag-stay ka rito habang nandito siya. Pwede ka namang umuwi kung maka-nine hours ka na, including a one-hour lunch break, kung hindi ka na niya kailangan for the day. Ako, madalas, umuuwi ako ng 6 PM or 7.”

Napapagod na ’ko iniisip ko pa lang.

An hour and a half later, I was wishing na naaksidente na lang sana ako ulit.



May password ako para makagamit ng computer, passcode para magamit ang phone para tumawag sa labas, passcode para makatawag ng long distance, log ins and passwords for my timeclock, my office e-mail, my access to the company's shared drive, access to a drive that was only for me and Miss Balajadia, etc., etc., to infinity and beyond. Kinodigo ko na rin kung para saan iyong mga lintek na buton d'un sa telepono. Baka kung ano pa ang mapindot ko.

"Hindi naman demanding na boss si Meredith," kwento ni Sheri habang kumakain kami ng lunch. Inabot na kami ng tanghalian sa dami ng kailangan kong matutunan. First name basis na rin kami. Gan'un katindi ang nangyaring tutorial namin.

"Pero I'm warning you, demanding ang trabaho. And another thing, at ito lang naman talaga ang demand niya, you bring her coffee kahit anong oras ka dumating. Kung mauna ka sa kanya o mauna siya sa 'yo, abutan mo muna siya ng grande *Starbucks* Caffè Latte with non-fat milk bago mo siya kausapin. Iiwan ko 'yung *Starbucks* card sa pedestal. Laging may laman 'yun. D'un mo kunin ang pambili."

"Nasaan na pala siya?"

"Umuwi siya ng 8 AM kanina. Nag-all nighter na naman." *On a Sunday?* "Sabi ko sa kanya, 'wag na siyang pumasok ngayon pero malamang nandito na 'yun mayamaya. She's a workaholic. And it's up to me, well, you know, to remind her to eat or to go home kasi kung hindi, dito na 'yun titira."

Aba, so hindi lang pala ako secretary, yaya pa!

“Uy,” tawag ni Sheri. Napuna yatang ang bagsik ng simangot ko sa walang kwentang adobo. “Okay ka lang?”

Tumango ako. “Ina-absorb ko lang lahat ng sinabi mo.”

Ilang sandali niya akong pinag-aralan bago ibinaba ang hawak na baso ng soft drink. “Aminin mo nga sa ’kin. Never ka pang nagtrabaho bilang personal assistant, ’no?”

Tumawa ako at medyo hysterikal ang tunog niyon. “Hindi pa.”

Kumunot ang noo ni Sheri. “Then bakit ikaw ang ni-recommend ng HR na maging...” Huminto siya sa pagsasalita. “Montesines. Si Mr. Montesines ang HR Head ng *Balajadia Industries*.”

I could lie pero wala na akong energy. Tumango ako. “Yup. He’s my godfather. Siya ang nag-ayos para makuha ko ang trabahong ito. And honestly, Sheri? I’ve never actually had a real job before in my life.”

“Holy shit.”

Yeah, she got that right.



Matapos ang lunch at isa pang session ng pagtuturo sa akin kung anu-ano at para saan ang laman ng mga cabinets at drawers sa magiging mesa ko, ibinigay sa akin ni Sheri ang number niya. Tumawag lang daw ako kahit anong oras araw man o gabi kung may problema ako sa trabaho. Pinauwi na niya ako nang alas tres ng hapon. Mag-conserve na lang daw ako ng energy para makapasok nang maaga bukas. Apparently, I needed to be at work at 7 A.-to-the-fucking-M. Dumaan na rin daw ako sa Baclaran at



magsindi ng kandila. Shit.

Lumabas ako ng elevator sa ground floor at ibinalik sa reception area ang temporary pass.

I can bullshit my way through a lot of things pero parang hindi rito. Ang tamad-tamad ko kaya pagkatapos aasahan nilang kakayanin kong mag-multitask, magpuyat, at mag-alaga ng bilyonaryang hindi alam kung oras dapat kumain at umuwi? Fuck, I can barely take care of myself.

Maybe it was time I talked to Ninong Ernest. Again. Hindi ko yata kaya ito.

Nagpasalamat ako sa receptionist nang iabot niya sa akin ang ID na iniwan ko kaninang umaga kapalit ng pass. Nagsimula akong maglakad patungo sa turnstiles palabas ng gusali pero napahinto ako.

I bet hindi lang ako ang naapektuhan nang ganoon. I bet huminto rin ang oras para sa iba pang mga lalaking nasa lobby nang mga oras na iyon.

She was walking towards me. She, si Meredith Balajadia. Ang balita, she was incredibly beautiful but was a little reclusive. Wala siyang social media accounts, very rarely went out to socialize kaya wala siyang nakakalat na pictures sa Lifestyle sections ng mga diyaryo at bihira ring magbigay ng interviews sa magazines. The only picture I could find was the one in the company website kung saan mukha siyang 40-year-old virgin na nakapusod ang buhok.

This Meredith was a goddess.

Maamo ang mukha niya, hindi nakakasawang tingnan. Her

eyes were light brown and framed by long, thick curling lashes. Matangos ang ilong niya na medyo uptilted sa dulo. Her lips were lush and made for kissing... or sucking a man blind.

Matangkad siya, mas matangkad pa yata siya sa akin, and I was 5'11", dahil sa suot niyang heels. Pinahaba pa niyon lalo ang mga legs niyang hanggang tainga niya yata. Makes you think how those legs would feel like wrapped around your shoulders while you did things to her body.

Nakasuot siya ng conservative na business suit, not unlike the one her secretary was wearing, but the damn thing was molded to curves that made a man want to get down on his knees and beg. I wanted to move to her and run my hands all over those curves kung hindi lang niya ako sasampalin at kung hindi lang ako babatutain ng mga security guards na magalang na bumati sa kanya.

She smiled at them, greeted them, knew all of them by name. And that smile went straight to my dick. Fuck.

Sinundan ko ng tingin si Meredith nang lampasan niya ako papunta sa elevators. Her scent, something light and sweet, teased my nose, made me want to bury my face against her neck. She didn't even look at me but who cares? She was going to know me.

Sinabi ko bang kakausapin ko si Ninong tungkol sa trabaho ko? Oo, kakausapin ko siya. Magpapasalamat ako sa kanya na binigyan niya ako ng pagkakataong makilala nang personal ang babaeng ito.

There might just be an upside to this stupid job after all.

2



Alam kong ginising ako ni Kuya Lex. Alam ko ring may importante siyang sinabi pero hindi ko naproseso sa sobrang antok. Hinehele pa ako lamig ng aircon at hilong-hilo pa ako. Narinig ko ang pagsara ng pinto ng kuwarto ko sa condo ni Kuya. Talagang two-bedroom condo ang binili niya para raw may kuwarto ang kanyang beloved baby brother.

Sana nagluto na rin siya ng almusal. Nagugutom na ako, eh. Kakain muna ako bago 'ko papasok ng—

Biglang dilat ang mga mata ko. Saglit na nasunog ang corneas sa sinag ng araw na galing sa mga bintana, humiyaw ako sa sakit na parang bampirang naarawan, bago ko nilundag ang smartphone ko sa mesa.

6-freaking-38 AM!

Alas siete pa lang nasa opisina na ang bago at napaka-sexy kong boss ngayong umaga at nasa kama pa ako!

Pagtayo, dinaig ko pa si *Flash* papuntang banyo, sabay-sabay na naligo, nag-toothbrush at nag-ahit bago ako nagbihis. May shampoo ako sa baba, toothpaste sa buhok at shaving cream sa kilay but what the fuck! Late na ako!

Sa taxi na ako nagbutones ng polo at nagsuot ng kurbata. Hindi ko na hiningan ng sukli si Manong nang halos hagisan ko siya ng pera na hindi ko alam kung magkano paghinto ng taxi sa



tapat ng building namin.

Muntik ko nang suntukin ang lahat ng mga nakaharang sa daan ko at diniinan ko na ang *door close* button para hindi na huminto ang elevator sa mga palapag sa pagitan ng 20th at 32nd floor na para bang makakatulong iyon.

Hindi ko na nabati iyong receptionist namin sa pagmamadali kong makapasok sa executive floor. At nang marating ko ang mesa ko, napamura ako dahil nalimutan ko ang kape ni Miss Balajadia.

Fuck me!

Tumakbo ako ulit papunta sa pantry kung saan naroon ang vendo ng kape. Ano nga ba'ng kape niya? Shit. Bahala na. Ang kape ay kape. Pinindot ko ang buton para sa isang paper cup ng *Nescafé* at muntik nang sipain ang vendo nang slow-motion nitong inihanda ang inumin.

Then napaso at muntik na akong matapunan habang nagmamadali ako papunta sa pinto ng opisina ni Miss Balajadia the Beautiful.

7:16, sabi ng relo ko. Late pa rin pero not as bad. Huminga ako nang malalim, pinunasan ang pawisan kong noo dahil sa ginawa kong 10K run bago kumatok at pinihit ang door knob.

Binuksan ko ang pinto ng opisina ng bago kong boss, and there she was, sitting at her desk, looking fresh and beautiful and powerful in a dark blue suit, with her hair in a ponytail, her nose wrinkled in irritation.

“Can I help you?” tanong niya gamit ang isang malamig, mataray at iritadong tinig.

Christ, it made me hard.

“Hi!” bati ko na may patented charming smile bago pumasok sa silid at isinara ang pinto sa likuran ko. Tumaas ang mga kilay niya. “I’m Ash Montesines, your new assistant.”

Napaawang ang bibig ni Meredith. *Yeah, I know. I’m too gorgeous to be an assistant.* I grinned at her.

“I’m sorry, I’m confused.” Umiling siya. “*You’re my assistant?*”

“Yeah.” Lumapit ako at ibinaba ang paper cup ng *Nescafé* sa mesa niya.

“Ikaw ang karelyebo ni Sherilee.”

“Yeah.”

“But you’re a guy.”

Tumingin ako sa ibaba, sa zipper ko kung saan sa likod lang ay ang patunay na lalaki ako. Pagkatapos ay tumingin ako ulit sa kanya. “Yeah.”

Dahan-dahang sumandal si Meredith sa upuan niya, humahalukipkip. “Are you gay?”

“What?” I couldn’t help it. I burst out laughing. “No, Meredith. I’m not. And I can prove it if you want me to.”

Her expression became cold. “It’s *Miss Balajadia*. Or Ma’am. And I’ll ignore your bordering-on-harrasment comment because it’s your first day and you probably haven’t gone through the *Workplace Discrimination Training*. But you do that again and you will be fired faster than you can say *chauvinist*, is that clear?”

So, maybe it would be wrong to tell her right then that her authoritative tone was turning me on. Ang sexy pala ng



magandang babaeng medyo bossy. I wonder how she'd look like wearing a short leather dress. Anyway, I wisely kept my mouth shut. Tumango ako. "I apologize, Ma'am."

"And this is a mistake," patuloy ni Meredith—Miss Balajadia. "I specifically asked for a female assistant."

Mga kilay ko naman ang tumaas. Let me tell you, inabot ako ng pitong taon sa college hindi dahil tanga ako. It was because school bored me. My brain was actually very fast... if I wanted it to be.

"Correct me if I'm wrong, Ma'am. Siguro hindi pa nga ako nakaka-attend ng *Workplace Discrimination Training* pero hindi ba discrimination din na ayaw ninyo 'kong maging assistant because I'm a guy?"

To give her credit, parang napahiya naman si Miss Balajadia. She sighed. "You're right. I apologize."

One point, Montesines. Pero nagulat at na-impress pa rin ako dahil, wow! Marunong siyang tumanggap ng pagkakamali at mag-apologize. Tatay ko kahit $1+1=3$ ang sinabi n'un, hinding-hindi iyon aamin kung sinabi mo sa kanyang mali siya. Gan'un din ang Ate Kaye ko.

"Okay lang, Ma'am. It's my first day. And I don't look like your typical assistant. It's easy to judge." I winked at her before I could stop myself. Nang maningkit siya, akala ko talaga babatuhin niya ako ng stapler.

Nagtungo sa paper cup ng kape ang mga mata niya. "Ano 'yan?"



“Kape, Ma’am. Sabi ni Sheri kahapon I have to bring you coffee in the mornings.”

Tiningnan niya ako. “Hindi niya nabanggit sa ‘kin kahapon na lalaki ka.”

Nagkibit-balikat ako. “Baka kasi nag-attend siya n’ung *Workplace Discrimination Training*, Ma’am. She doesn’t see gender.”

Again, nagpunta sa stapler ang paningin ko. I distinctly saw her fingers twitch towards it this time.

Itinuro niya ang paper cup. “Take this and throw it away. I drink *Starbucks Caffè Latte* with non-fat milk in the morning. I’m sure Sheri told you that. Kung papasok ka on time, which is actually 7 AM in the morning in this office, ‘yun ang dalhin mo. You may go.”

Then she turned back to her screen, dismissing me.

Ako, si Ash Montesines, ang guwapong charming prince ng pamilya Montesines! Nanatili lang akong nakatayo, hindi makapaniwala. Nagulat ako... at nasaktan!

“Nandito ka pa rin?” tanong niya nang hindi tumitingin sa akin.

I turned around to leave.

“Yung kape.”

Nagtagis ang bagang ko. I deliberately walked towards her desk and picked the cup up. Ni hindi niya ako sinulyapan. I slowly walked out, ingat na ingat na hindi malamukos ang paper cup na hawak ko. I closed the door and went to my desk.

Rich, ruthless, reclusive. Iyon ang tatlong salitang ginamit ng

writer ng magazine article na nabasa ko para ilarawan si Meredith Balajadia. They were accurate. But then again, I also think she looked hot. She was incredibly hot and ice cold at the same time, only waiting for right guy to muss her up. I'm going to be *that* guy, itaga mo pa sa bato. I'm going to thaw her until she melts in my arms.

Ngumisi ako at inangat ang paper cup ng kape para uminom mula roon.

Aray ko! Lintek! Mainit!



Nakasimangot ako sa screen ko nang mag-ring ang isa sa mga telepono sa mesa.

Holy shit, paano nga ba 'to?

Iniangat ko ang receiver. "Hello?"

Walang sumagot.

"Hello?" ulit ko.

"Hello?"

"Hey. What can I do for you?"

"Hello?"

What the—what the heck was I doing wrong?

May pinindot ako. Actually, may tatlo akong pinindot na buton pagkatapos ay narinig ko ang dial tone.

Patay. Eh, well, kung mahalaga iyon, tatawag iyon ulit. Which, of course, the person did, damn it! Nang-ring na naman nang nag-ring ang telepono. Paano kaya kung magpanggap akong nasa CR ako?



“Aren’t you going to get that?” tanong ng isang inis na tinig at nalingunan ko si Meredith. Nakatayo na pala siya sa likuran ko, nakahalukipkip.

“Ah...” simula ko.

Lumapit siya, iniangat ang receiver gaya ng ginawa ko at pinindot ang isang buton na may mint green na *Post-It*.

“Meredith Balajadia... no, I’m at my new assistant’s desk... yes... yes.” Pinatabi niya ako at tumayo ako mula sa kinauupuan ko. She clicked on something, then on something again hanggang sa magbukas ang calendar program. “I can spare thirty minutes at two PM today. Yes. Not a problem. Thank you.”

Nag-type siya sa screen, ni-save ang kung anumang isinulat doon bago muling tumayo. Mas maliit pala siya sa inakala ko. Sakto sa bibig ko ang noo niya. Siguro dahil parang ang hahaba ng legs niya kaya ‘kala ko mas matangkad siya.

“You do know how to use a phone, don’t you?” mapanghamon niyang tanong. Hindi man niya sinabi, parang may narinig akong “idiot” sa dulo n’un, o ako lang ba iyon? But it got on my nerves. How was it that a single woman could arouse me and irritate me? And at the same damn time?

“Yes. Hindi ako ignorante,” pagsisinungaling ko.

Humalukipkip siya. “An *Avaya*?”

“Every call center agent can use an *Avaya*, Miss Balajadia,” iritado kong saad bago naupong muli sa upuan ko, nakatalikod sa kanya. Malay ba niyang ni minsan di ako naging call center agent at kahapon ko lang narinig ang salitang *Avaya*.



Nagpakawala ulit siya ng malalim na buntong-hininga at naramdaman kong bumalik na siya sa opisina niya.

Nanggingitngit, nagbukas ako ng browser at ni-research ang iba't ibang functions ng mga buton ng lintek na teleponong ito.

Nang sunod na mag-ring iyon, sinagot ko, kinausap ang kung sino mang nasa kabilang linya at—HA!—nakapag-transfer pa ako ng tawag kay Miss Sungit sa opisina.

'Kala niya!

Nangengealam ako sa mga shared files ng kompanya, iniisa-isa ang mga folders nang biglang bumukas ang pinto ng opisina ni Meredith at lumabas ang isang sumisinghal na dragon.

“What was that for?!”

Sa gulat, may napindot ako.

“What did I do this time?” Actually, tanong ko iyon sa sarili ko at hindi sa kanya kasi bigla ko na lang nakitang parang may nagta-transfer na mga files mula sa folder na na-click ko. Pero akala ni Meredith siya ang kausap ko.

“Una, you do NOT cold transfer calls to me. You call me and ask me if I can talk, *then* you transfer the call if I tell you to. Next, you do not *ever* entertain any and all calls from Zac Pastor, and you do not ever transfer any and all calls from him to me, naintindihan mo?”

She sounded so pissed off pero hindi iyon ang pinoproblema ko.

“Are you even listening to me?” she asked in an irritated voice.

“Not really.”



“Why you—”

Nilington ko siya. “Can we talk about that later? Kasi I think I just deleted 30 gigabytes worth of company data.”

“WHAT?”



Pamilyar ang scenariong ito, iyong nakaupo ako sa sofa sa labas ng opisina habang may mga nagsisisigaw sa loob. I think Kinder ako n’ung una akong mapapunta sa Principal’s Office kasi nanghalik ako ng babae sa playground.

Twenty years later, same scenario, semi-same players. Gaya noong bata ako, si Ninong Ernest din ang kausap ng principal ko ngayon.

“Okay na, Sir,” nakangiting saad ng lalaking nagbubutingting sa computer ko at napatingin ako sa kanya. Nagpakilala siya kanina bilang si Karl na isa raw sa mga IT specialists. Nagulat ako na IT ang tinawagan ni Meredith at hindi ang security para ipa-escort ako palabas ng building.

Anyway, mukhang twelve years old lang itong si Karl na pinabili ng nanay niya ng suka sa tindahan ’tapos naligaw sa computer shop, nalulong sa *DotA* at napunta sa kompanyang ito.

“Next time po, ’wag na lang nating pindutin ’yung delete, ano po?” pabiro niya pang bilin.

Tumawa ako at tumayo para tanggapin ang clip board na inabot niya sa ’kin. “Salamat.”

Pinirmahan ko ang section ng service request form para i-note na closed na ang ticket.



Naupo akong muli sa pwesto ko at nakipagtitigan sa screen. Natatakot na yata akong hawakan ang mouse ko.

Anak ng tipaklong, wala pang lunch hour nito ha. Either gusto na akong patayin ni Meredith o gusto na niyang magpakamatay.

Tumayo akong muli nang bumukas ulit ang pinto. Lumabas ang boss ko pero hindi ako tiningnan nang maglakad siya palayo. Nanatili sa pintuan ng opisina ng boss ko si Ninong Ernest.

“Looks familiar, ah,” sabi ko at mahina siyang natawa. Kung mayroon akong kamag-anak na masasabi ko talagang mahal ko, si Ninong Ernest na iyon. Kaya nang mapuna ko ang pagod sa mukha niya, nakadama ako ng konting kirot. Konti lang.

“Yeah, it does. Halika dito sa loob.”

Pumasok ako sa opisina ni Meredith at pinaupo ako ni Ninong sa sofa. “Am I fired yet?”

“Hm? Oh, no. Hindi.” Naupo rin siya sa sofa. “Mabait si Meredith. I didn’t tell her why pero sinabi ko sa kanya na I’m going to consider it a personal favor if she lets you work here kahit isang buwan lang.” Naihilamos niya ang mga kamay sa mukha. “Ash, listen to me. Alam mo kung bakit tayo nandito ngayon. Kailangan mo ang trabahong ito kung gusto mong ipakita sa daddy mo na kaya mong maging responsible para sa sarili mo.”

Tumayo ako. “Alam naman nating dalawa na kahit maging CEO ako ng kompanyang ito, may makikita pa rin siyang kulang sa ’kin.” I started walking back and forth, restless. “Kahit maging presidente ako ng Amerika, hindi pa rin siya makukuntento. Para saan pang mag-effort ako, Ninong?”



Akalain mo, iniipon ko pala ang lahat ng iyon?

“Eh, di para sa ’yo,” kalmado niyang sagot. “Don’t do this for your father, Ash. Do this for yourself.”

Saglit akong hindi nakasagot bago ako bumalik sa sofa, naupo at bumuga ng hangin.

“Ash, lahat naman ng ginagawa ko at sinasabi ko, hindi ’yun para sa daddy mo. I couldn’t care less about what he thinks but you, you’re important to me.”

Napatingin ako kay Ninong.

“Anyway, ’yun nga. I managed to convince Meredith to keep you for at least a month. She’s apprehensive pero may tiwala naman siya sa ’kin na hindi ko isasabotahe ang kompanya.”

“I bet she changed her mind about trusting you when you put me here,” nakangisi kong saad at muling tumawa si Ninong.

“She said something like that, yes. But she’s keeping you. She’s not very happy about it, but she’s going to let you stay. After a month, kung hindi siya kuntento—” *Or kung napabagsak ko na nga ang kompanya...* “I’ll move you somewhere else. We’ll get you a six-month job and ensure that you get your inheritance.”

“Bakit ang bait mo sa ’kin, Ninong?” tanong ko, not for the first time. “For as long as I can remember hindi ka nagagalit sa ’kin kahit gaano kalaki ang kasalanan ko. Lagi ka lang nand’yan, kinukumbinsi akong I’m better than what people think I am. Hell, better than what *I* think I am.”

Ngumiti si Ninong. “Kasi nakikita ko ang sarili ko sa ’yo. I was exactly like you when I was young. Mas guwapo lang ako.”



“You wish, Ninong.”

Umiling siya. “Look, Ash. You *are* better than what people think you are, even better than what you yourself think. You just have to believe it yourself. Considering na malaki na ang ulo mo at mayabang ka na sa lagay na ’yan, ha.”

Tumawa ako.

Nakangiti, tinapik niya ang balikat ko. “Give yourself a chance, Ash. Forget everything you’ve ever been told about you and figure out for yourself who you really are.”

Pinagmasdan ko siya.

“Aminin mo na kasi, ’Nong,” sabi ko, seryoso ang mukha. “Anak mo talaga ’ko kay Mommy, ano?”

At gaya ng lagi niyang ginagawa kapag itinatanong ko iyon, malakas siyang tumawa. “I wish na anak na lang sana kita talaga, hijo.”

To be honest, I did too.

3



Hindi ako na-late ngayon. Hindi masyado. Pakshet naman kasi. Sino ba ang pumapasok ng opisina nang alas siete ng umaga? Na hindi ang kuya ko?

At na-late lang ako ngayon dahil sa lintek na *Starbucks* na 'to.

As usual, may ilaw na sa opisina ni Meredith (Meredith ang tawag ko sa kanya sa isip ko. Sarili ko na nga lang imi-Miss Balajadia ko pa ba siya?) nang dumating ako sa mesa ko kaya dumerecho ako roon, kumatok at pinihit ang knob.

Nasa likod na siya ng mesa niya, nagta-type na ng kung ano. Her hair was in a bun and she looked adorable.

“Good morning, Ma’am!” masaya kong bati habang lumalapit sa mesa niya.

“You’re late,” sabi niya pero inisip ko na lang na ang sinabi niya ay, “*Good morning, my wonderful, gorgeous assistant.*”

“Only by seven minutes at dahil iyon sa kape mo.” Ibinaba ko ang takeout cup ng kape sa mesa niya pagkatapos ay kinuha ang smartphone ko mula sa bulsa para buksan ang calendar app ko. “You have a 9:30 AM appointment with Mr. Fernandez, and a lunch meeting with Mr. Villacorta at 11:30.”

Kumunot ang noo ni Meredith bago nag-angat ng ulo.

“Walang nakasulat sa calendar na may 9:30 ako.”

“Ows?” Muli kong tiningnan ang telepono ko. “Tumawag po



si Mr. Fernandez kahapon para magpa-resched ng appointment from 2 PM to 9:30 AM.”

Halos magulo ang bangs ko sa lakas ng buntong-hininga niya. “You put the appointment on the office calendar, Mr. Montesines, not on your phone.”

Ngumisi ako. “I will, Ma’am. As soon as I learn how to use the calendar.”

I’m pretty sure mura iyong ibinulong ni Meredith. “Send me the files regarding the Fernandez group. Akala ko may oras pa akong pag-aralan iyon habang kumakain.”

“Kung kumakain kayo, Ma’am, you shouldn’t be studying anything at all.”

I’m sure naupod ang bagang niya sa tindi ng pagpipigil niya. “Just... send me the files, Ash.”

Muli akong ngumisi. “Yes, Ma’am.”

“And don’t come in here unless I call for you. Ayaw kitang makita buong araw.”

“Whatever you say, Miss Balajadia. Have a great day!”

Lumabas ako ng opisina niya at isinara ang pinto, nagpipigil ng tawa. Nagtungo ako sa mesa at binuhay ang computer ko. Ayaw niya akong makita, ha. Lalabas din ’yun, I’m sure in 3... 2... 1...

Bumukas ang pinto niya as if on cue at nilingon ko si Meredith. Humihingal siya at hawak ang takeout cup ng *Starbucks*. “What. Is. This?”

Painosente ko siyang tiningnan, nanlalaki pa ang mga mata. “*Starbucks* Caramel Macchiato, Ma’am.”



Akala ko talaga ibubuhos niya sa akin ang kape.



Ako na ang uminom ng Caramel Macchiato nang iwan iyon ni Meredith sa mesa ko. Sa lagay sasayangin ko lang iyon, eh, ang aga kong gumising para lang bumili n'un? But I had to admit, it was worth it seeing the smoke coming out of Meredith's nostrils.

Nag-angat ako ng ulo nang maramdamang may papalapit sa mesa ko.

Matangkad ang lalaki, mukhang mayaman, mukhang mayabang. Hindi ko gusto ang aura ng unggoy kaya tumayo ako. Noon ko napansing mas matangkad ako, mas fit, at mas guwapo siyempre.

“Can I help you?” tanong ko.

Tiningnan niya ako mula ulo hanggang paa bago siya mapanuyang umismid. *Ano'ng iniismid-ismid mo d'yan?*

Humalukipkip siya. “Ikaw pala 'yung bagong assistant ni Mere.”

“Yes. Can I help you?” ulit ko at inulit niya ang mula-ulo-hanggang-paa na tingin sa akin.

Kuya, kung naghahanap ka ng aalipustabin sa porma ko, sasabihin ko na sa 'yo na mas mahal pa ang kurbata ko kaysa sa lahat ng suot mo. Alam ko dahil Hermès 'to. Ano ngayon kung kurbata 'to ni Kuya eh ako naman ang may suot?

“Bago ka nga.”

“Yes. Can I help you?” ulit ko na in-emphasize ang bawat salita.



Hindi siya sumagot. Pinagmasdan lang ako habang nakahalukipkip, nakaismid pa rin na para bang hinihintay na makilala ko siya.

Pare, kung makasalubong ko si Doug Kramer sa kalye, hindi ko rin siya makikilala kung hindi niya kasama 'yung anak niyang sumasayaw ng dan-dan-dan-dalandan. Ikarw pa kaya?

Nasa kalagitnaan kami ng isang staredown nang bumukas ang pinto ng opisina ni Meredith at lumabas siya.

“O, nandito ka na pala Craig.” Nagpalipat-lipat ang tingin ni Meredith sa amin ni Craig. “What’s happening?”

“Your assistant,” simula ng lalaki na para bang ang sinabi niyang phrase ay *’yang arinola mong nakakalat sa opisina*, “wouldn’t let me in.”

Nilingon ko si Meredith at nakatirintas na naman ang mga kilay niya. Sanay na akong iritado siya lagi sa akin. Aaminin kong kadalasan, sinasadya ko naman talaga siyang inisin. Pero parang di tama ngayon kasi ginagawa ko lang talaga ang trabaho ko.

“Never mind him.” Inabot niya ang braso ni Craig bago ito hinila palayo.

Pinanood ko silang dalawa hanggang sa makalabas sila ng executive offices. Hindi ko alam na nakasimangot na pala ako hanggang sa madama kong halos nasa butas na ng ilong ko ang mga kilay ko.

Binalikan ko ang computer at nag-log in sa intranet ng opisina. Hinanap ko si Craig Villacorta sa employee directory. Kung sinabi lang nito kung sino ito, papapasukin ko naman siya



sa opisina ni Meredith eh... pagkatapos ko siyang kapkapan, tanungin kung ano ang intensyon niya kay Meredith at balaang huwag siyang makakaisip gumawa ng kalokohan dahil ako ang haharapin niyang tarantado siya.

Nang mahanap si Craig Villacorta, napapikit ako. Kaya naman pala iniisip ng gago na dapat kilala ko siya. Isa pala sa mga managers ng kompanya ang tarantado pero naka-base sa opisina sa Ayala kaya hindi ko pa nakikita.

At dahil likas akong chismoso... este, curious, ni-*Google* ko na rin siya. At napakabait ni *Google* dahil hindi pa ako tapos mag-type, nag-suggest na siya ng search words: *Craig Villacorta Meredith Balajadia dating*.

Hindi na ako nagbasa ng mga articles. For some reason, sira na ang araw ko. Bakit ko pa gagatungan?



“Can I talk to you inside my office?” tawag ni Meredith sa akin nang makabalik siya sa opisina. Tiningnan ko kung kasama niya iyong tarantado pero mag-isa siya. Tumayo ako at sumunod papasok sa opisina. Isinara niya ang pinto at nagtungo siya sa mesa para maupo roon. Huminga siya nang malalim. “Hindi nagustuhan ni Craig ang ginawa mo kanina.”

I just fucking bet.

“Nabastos daw siya. I think I’m going to agree. Assistant kita, Ash, hindi bodyguard. You ask people to wait kung may naghahanap sa ’kin and then you call me. You don’t harrass them. And you most certainly don’t harrass my best friend.”



Kalmado akong tao. Siguro naman kilala mo na ako dahil tatlong araw ka nang nakikichismis sa mga iniisip ko. Hindi ako madaling magalit at hindi ako madaling maapektuhan ng mga pinagsasabi ng mga tao tungkol sa akin. Kaya hindi ko alam kung saan galing ang biglaang galit na naramdaman ko.

Tumango lang ako. Baka kung ano pa ang masabi ko.

“Go.” Muli niyang hinarap ang computer niya.

Just like that, I was dismissed again.

I should have turned around. Really, I should have. Pero napuno na yata ako. Humakbang ako palapit at napatingin ulit sa akin si Meredith, nakataas ang isang kilay.

“Alam ko kung ano ang mga pagkakamali ko, Miss Balajadia,” I said through gritted teeth. “Hindi ako marunong sumagot ng telepono. Hindi ako marunong gumamit ng office calendar, at naliligaw pa rin ako sa shared drive. Pero alam mo, napapag-aralan ’yun, eh. Nakausap ko na si Sheri at tinuruan niya ako. May spiel na ako ngayon sa phone. Nag-update na ako ng kalendaryo mo at gumawa na ako ng shortcut sa desktop ko papuntang shared drive.

“Pero alam mo kung ano ang hindi ko matututunan? Ang mga personal issues mo. Alam mo kung bakit? Dahil hindi mo ’yun lilinawin sa ’kin dahil desidido ka nang hindi magtiwalang kaya ko ang trabahong ito. I transferred a call from Zac Pastor dahil hindi ko alam na stalker ex mo pala siya. Malay ko ba. No one told me. I have many talents but mind-reading isn’t one of them.”

I bent down, pressed my palms to the tabletop. “At ’yang kawawang best friend mo, Ma’am? Tinanong ko siya kung may



maipaglilingkod ba ako at hindi siya sumagot. Kung sinabi niya sa 'kin kung sino siya imbes na hamunin akong makipagtitigan, I would have asked him to sit down, got him coffee, even massaged his goddamned feet kung 'yun ang gusto niya habang hinihintay ka niya. It would have been that simple if he hadn't decided to challenge me to a pissing contest, then whined to you about me doing my job.

“Alam mo, I think you have to be sure what you want from me. Mahirap na hindi natin alam pareho kung ano'ng expectations mo sa 'kin. Pag-isipan mo 'yan at doon lang ako sa mesa ko, magme-memorize ng organizational chart para makilala ko lahat ng mga taong mamasahedin ko ang paa kapag hinanap ka nila. Padalhan mo na lang ako ng memo para sabihin sa 'kin kung sino sa kanila ang ex mo nang maharang ko na sa elevator pa lang.”

Pinagmasdan ko si Meredith. Nakatingin lang siya sa akin, walang ekspresyon ang mukha. I didn't give a fuck. I really didn't. Hindi ko alam kung bakit galit na galit ako dahil I could usually tolerate more shit than what she just handed me. Sensitive ba ako dahil kay Craig?

At pangalan lang ng gagong iyon, nadama ko na namang uminit ang ulo ko. Yeah, si Craig ang dahilan. Naisip ko pa lang ang ungas, nakakalimutan kong makulit nga pala ako. Gusto ko lang manapak.

Tumalikod ako at lumabas ng silid. Siniguro kong hindi ko ibinagsak ang pinto. OA naman iyon. Baka mabigyan ako ng award. Pero aminin mo, ang galing ko kanina. Convincing, di ba?



Bumalik ako sa mesa ko at pumikit, huminga nang malalim at kinalma ang sarili. Nakabukas ang office calendar sa screen ko at ang unang nahagip ng mga mata ko ay ang naka-highlight na *11:30 AM Lunch, Mr. Villacorta*.

Galit ko iyong isinara.



Lumabas si Meredith ng 8:10 PM nang gabing iyon. Hinihintay ko lang siya kasi ayoko namang umuwi nang nandoon pa siya kahit na uwing-uwi na ako. Lumingon ako pero hindi niya ako pinansin. Ni hindi niya ako tiningnan. Okay lang. Kunyari invisible ako.

Nag-shut down ako ng computer at naghintay ng limang minuto bago ako umalis. Buti na iyon. Mamaya maabutan ko pa siya sa elevator. Isipin mo kung gaano nakakaasiwa iyon.

Wala naman na siya roon nang lumabas ako kaya nakahinga ako nang maluwag. Ngayon lang talaga ako nakakita ng babaeng gusto kong sabay na halikan at sakalin. The thing is we had to endure each other for the next three weeks and two days para kay Ninong Ernest at para sa mana ko. At kinakabahan ako na bago pa man dumating ang deadline ko, nasakal ko na siya.

O kaya ay nahalikan.

Sumakay ako sa elevator. Nang magbukas iyon sa ground floor, nakangiti akong binati ng guard doon. Kinawayan ko siya bago ako lumabas ng building. And guess kung sino ang una kong nakita sa kabilang dulo ng overhang sa labas.

Saglit akong napahinto, iniisip kung paano ako tatakas nang

hindi niya nakikita. Pero mukhang busy naman si Meredith, busy sa pagpa-panic.

“Kumusta na si Kuya Randy?” tanong niya sa telepono. “Ano ba’ng nangyari?”

At dahil nga likas akong chismoso... I mean, concerned, lumapit ako sa kanya, tumayo sa bandang likuran niya at walang pakundangang nakinig sa one-sided conversation. Invisible Man, remember? Ni hindi niya ako nilingon.

“Pero okay lang siya? Hindi naman siya nasaktan?” tanong ni Meredith sa kausap niya. “Okay. Mabuti. Pero sana tinawagan n’yo ako nang mas maaga, di ba? Para alam ko. Umuulan pa naman... Huwag na, Kuya Midel. Uwi na lang po ako mag-isa. Magka-cab na lang ako... Okay. Okay, thank you po. Yes. Okay. Bye.”

Pinatay niya ang phone at bumuntong-hininga.

Hindi ko na natiis. “Is everything okay?”

Napasinghap si Meredith at humarap sa akin. “Oh, it’s you,” sabi niya bago ako muling tinalikuran. Lumapit na ako at tumayo sa tabi niya. Hindi siya nagsalita; hindi ako umalis. Tumungo siya sa hawak na phone at nagkibit-balikat. “Nabangga raw ’yung driver ko kanina. Nabalihan daw. He’s okay though, thank God, kaya lang walang susundo sa ’kin.”

Muntik na akong mag-offer na ihatid siya kaya lang naalala kong wala nga pala akong kotse ngayon.

“I can call you a cab,” alok ko. “O *Uber* kung gusto mo.”

Tiningnan niya ako na para bang sinabi ko sa kanyang maghubad siya sa harapan ko. “I can call myself a cab, thank you



very much. Hindi ako ganoon ka-helpless.”

Natawa na lang ako sa inis. Ganito ba ang pakiramdam niya kapag inaasar ko siya? “Helpless? Kailan ko sinabing helpless ka? I offered to call you a cab! That’s it. I *am* your assistant, remember?”

“Nasa labas tayo ng opisina. You’re not my assistant here.”

Bumuga ako ng hangin at itinaas ang mga kamay, suko na. “Daig ko pa ang mister ng babaeng naglililihi sa ’yo, eh. Sala sa init, sala sa lamig!”

“Then why don’t you quit?” she asked, smiling sweetly.

I moved forward and stood almost nose-to-nose with her.

“Why don’t you fire me?”

Alam niyang alam ko na ginagawa niya ito dahil kay Ninong Ernest. She would never do anything to hurt him. Isa iyon sa mga pagkakapareho namin ni Meredith. For one reason or another, we both loved the old man.

Hmm, hindi kaya si Meredith ang tunay na anak sa labas ni Ninong?

“Just keep on testing me, Ash,” gigil niyang hamon bago ako tinalikuran at naglakad pabalik sa pintuan ng building.

Hindi ako nag-isip. Hinablot ko ang braso niya. She hissed—actually hissed—at me.

“Let me go,” mahina niyang utos. One thing about Meredith, hindang-hindi siya mag-eeskandalo. Pinakawalan ko siya.

“Call your cab. Sasamahan kitang maghintay dito sa baba.”

“I don’t need—”

“Call the damn cab, Miss Balajadia,” sikmat ko. “You may



think I'm a total asshole but I'm not going to be able to sleep tonight without knowing if you got home or not. Make the call. Now.”

Sinasabi ko sa 'yo magkakaroon ako ng multiple personality disorder sa babaeng 'to.

Naghintay kami sa isang tabi para hindi kami nakaharang sa mga papasok at lalabas ng gusali. Walang nagsasalita sa amin. Inis na inis pa rin ako kaya hindi na ako sumubok na makipag-small talk. Tahimik lang din siya. If I know, naghihintay lang siyang hambalusin ako ng dala niyang bag.

May humintong sasakyan sa tapat ng building.

“Yan na 'yun.”

Inunahan ko siya. Binuksan ko ang pinto para sa kanya at malakas na binanggit ang plate number ng kotse para ipaalam sa driver na alam ko kung paano siya sisimulang hanapin kung may mangyari kay Meredith.

Sumakay ang boss ko. Of course wala siyang sasabihin sa akin. Hindi na ako umasang magpapaalam siya o bibigyan ako ng goodbye kiss. Isinara ko ang pinto at inulit sa isip ko ang plate number, pati na make and model ng sasakyan, para i-memorize iyon. I wasn't lying. Hindi ako makakatulog nang matino nang hindi ko alam kung nakauwi ba siya o hindi. For some insane reason, I liked the little brat. Pero dahil hindi magte-text iyon para sabihing nakauwi na siya, good luck na lang sa akin, di ba?

Fuck it. This was becoming too complicated for me.

Tinawagan ko na lang ang best friend kong si Marlon para

ayaing lumabas. Minsan lang talaga kailangan ng isang lalaki ng alak at mga kaibigan. By Monday, makalipas ang isang major hangover, na-reset na ulit ang sistema ko. Okay na ko ulit n'un.

4



Kita mo'yung relo? Ano'ng sabi? 6:52 AM. Sa kauna-unahang pagkakataon, dumating ako sa opisina bago mag-alas siete ng umaga. *fist bump*

Wala akong pakialam kung nandoon na si Miss Balajadia, basta kailangan ko nang bigyan ng award ang sarili ko. 6:52 AM. Sino'ng pumapasok ng 6:52 AM na hindi call center agent o security guard? AKO!

Nang dumating ako sa mesa ko, wala pang ilaw sa opisina ni Meredith. Ibinaba ko lang ang dala kong *Starbucks* para sa boss kong suplada, nagbukas ako ng computer, at nag-check ng e-mail.

Medyo naka-organize na ako ng mga bagay-bagay nang magbago ang ihip ng hangin. Hindi sinasadyang nag-tense ang mga balikat ko. Alam kong paparating na siya.

Sige, aaminin kong hindi ko pa rin alam kung paano ko siya pakikitunguhan pagkatapos ng nangyari sa amin kahapon.

I'm not a complete dick. Alam kong mali ako na sinagot ko siya (na naman), na napikon ako (na bago sa akin dahil hindi ako pikon), at na brinaso ko siya kagabi. Sabi sa 'yo binabago ng babaeng 'to ang ugali ko, eh.

Narinig kong huminto siya, siguro kasi nakita niyang nandoon na ako. Ine-expect ko ngang lalapit siya para kalabitin ako at tingnan kung totoo akong tao at hindi aparisyon pero nagpatuloy



siya sa paglalakad. Ni walang good morning?

Narinig kong bumukas ang pinto niya at nakita kong bumukas ang ilaw mula sa sandblasted glass wall sa pagitan ng station ko at ng office niya bago sumarang muli ang pinto.

Huminga ako nang malalim. Sige na. The earlier I do this, the earlier I can get out of her office and get back to my work. Kinuha ko ang papercup ng *Starbucks* (grande Latte with non-fat milk) at isang clipboard na puno ng papel, at nagpunta sa opisina niya. Kauupo lang niya sa table, ni hindi pa nakakapagbukas ng computer.

Nakasuot siya ng puting blouse sa ilalim ng isang light blue jacket. Nakalugay ang buhok niya, mapungay ang mga mata at walang make-up, kahit pa lipstick. The fresh morning look was like a punch to the gut.

She was so fucking beautiful.

And fuck, di ba hindi pa kami bati? I had no business mooning over her.

“Good morning, Ma’am,” sabi ko, pormal ang tinig. Hindi rin ako ngumiti. Ibinaba ko ang *Starbucks* cup sa mesa niya. “Your first appointment is at 8:30 AM. I sent your notes for that meeting to your e-mail. I also need your signature on these papers.” Kumuha ako ng isang salansan ng mga papel mula sa clipboard. Nadikitan ko na iyon ng mga *Post-It* na galing sa koleksyon ni Sheri na may nakalagay na ‘Sign Here.’ Walang imik na tinanggap ni Meredith ang mga iyon. “After your 8:30, your next meeting is at 10 AM, a conference call with the offices in Japan. I’ll call you at 9:55 AM to



remind you. Is there anything else you need me to do?"

Noon ko lang siya tiningnan. Kung sinampal ko siya, hindi siya magmumukhang ganoon kagulat. Bakit? Dahil hindi pala naman ako totally incompetent? Hindi ako tanga, remember? Hindi mahirap ang trabahong ito. Hindi lang talaga ako naturuan. Self-taught kaya 'tong lahat.

Kumunot ang noo niya. "Ah, no. Thank you."

Tumango ako. "Then I'll just be outside."

Tumalikod ako at lumabas na ng opisina niya. Pagbalik ko sa mesa ko, saka ako bumuga ng hangin.

Taena, napagod ako d'un, ah. Isipin mo kung gaano kahaba 'yung minemorize kong spiel para magtunog-assistant ako. Wala pa 'kong kodigo n'un, o ha!

Buti at wala akong nalimutan.

Ibinalik ko ang clipboard ni Sheri sa lalagyan n'un at binalingan ang computer. Okay, may mga bagong e-mail na kailangang basahin, i-organize at sagutin o ipasa kay Meredith.

Sandali lang, ha. Trabaho muna 'ko.



At 12 noon, 'in a meeting' pa rin ang status ni Meredith sa IM. Cinlick ko ang pangalan niya at nag-type ng mensahe.

Amontesines (Sent at 12:00PM): Ma'am, lunch lang po ako. May kailangan kayo?

Mbalajadia is typing...



Mbalajadia (Sent at 12:00PM): Wala.

Amontesines (Sent at 12:01PM): Sige, Ma'am. Balik ako in an hour.

Mbalajadia (Sent at 12:01PM): K

K? Well, Potassium to you, too.

Gusto ko sanang mag-type pa ng reply kasi sa lahat ng pwedeng isagot na magpapainit ng ulo ko, hindi ko alam kung bakit special sa akin ang reply na K. Nakakabuwisit lang. Pero hindi na ako sumagot. Ni-lock ko ang computer bago tumayo.

Hindi ako sa pantry kakain. Kailangan kong maglakad-lakad. The woman was driving me crazy, let me tell you. At huwag mong sabihin sa aking kasalanan ko naman. We have one messed up relationship if you ask me...

Anong walang relationship? May relationship kami, ano! Assistant niya akong attracted/affected sa kanya at siya naman... Basta! Relationship iyon.

"Hi, Ash!" bati ng receptionist naming si Abby.

Naalala mo siya? Maganda, chinita... less suplada at less complicated kaysa sa boss ko? Bakit nga ba hindi na lang siya ang pagpantasyahan ko?

"Hey, Abs." Huminto ako sa station niya at ngumiti sa kanya. "Kumusta na?"

She blushed. "Okay lang. Lunch ka na?"

"Yeah. Sa labas na 'ko kakain. Ikaw?"

“Tapos na ’ko. Sayang, aayain mo ba ako?” tanong niya with a flirty smile.

Tumawa lang ako. Ayoko namang isagot na, *Bakit? Ikarw ba si Meredith?* Medyo hindi cool iyon. Ayoko rin namang sumagot ng, *Oo*, kahit na nga ba biro lang. Baka umasa, eh. Mahirap na.

“Ikaw muna’ng bahala sa mga calls namin, ha.”

“Okay,” sabi ni Abby. Sorry kung parang na-disappoint siyang di ako naki-ride. “IM ko na lang sa ’yo kung may mga tawag.”

“Salamat.”

Sumakay ako sa elevator pababa ng building, sumaludo sa mga guards na nakangiting bumati sa akin (sikat ako sa mga guwardya at mga service master ng building eh), bago lumabas sa init.

Tumawid ako at naglakad. Hinatak ako ng amoy ng Chicken Joy kaya walang kalaban-laban akong pumasok ng *Jollibee*. At nang matapos akong kumain, maganda na ang pakiramdam ko. Pwede na ulit makipagbambakan. Hanep, gutom lang pala. Pero napahinto ako sa pintuang binuksan na ng guard para sa akin nang may maisip ako.

Kumain na kaya si Meredith?

Pumalatak ako at humakbang. Eh, ano ngayon kung hindi pa? Hindi kami bati, di ba?

Pero tumigil ako ulit at duda na akong tiningnan ng guard. *Huwag kang mag-alala, Kuya. Hindi ko hoboldapin ang cashier. Nag-iisip lang ako kung magte-takeout ako.*

Baka nagugutom na kasi si Meredith.

Hanggang one ang conference call niya at may call siya kaagad ulit

ng one, di ba? sabi ng little angel Ash sa balikat ko.

Fuck.

Imbis na pitikin palayo ang lintik na anghel, umikot ako at nagtungo sa counter. Hindi ko alam kung ano ang gustong kainin ni Meredith pero ibinili ko na lang siya ng Spaghetti with Yum na meal. Ibigay niya na lang sa akin kung alin ang ayaw niyang kainin.



Maaga pa akong nakabalik sa opisina. Sinabihan ako ni Abby na may tatlo akong tawag, at ngumiti at kumaway ako sa kanya bago nagtungo sa mesa ko.

‘In a meeting’ pa rin ang status ni Meredith sa IM.

Nagtungo ako sa office niya, kumatok sa pinto at binuksan iyon. May suot siyang Bluetooth headset at dinidiinan ang sentido.

Ako na’ng magmamasabe sa ’yo, Ma’am, kung gusto mo.

Lumapit ako sa mesa at ibinaba ang paperbag ng pagkain doon. Tiningnan niya iyon bago inabot ang telepono at pinindot ang mute button.

“Ano ’yan?”

“Spaghetti at burger,” sagot ko.

Halatang nabigla siya.

I know, Ma’am. Nakakabigla talaga ang kaguwapuhan ko.

Tumalikod ako at lumabas na ng opisina. Hindi na ako naghintay ng thank you. Sawa na akong mabigo.

Nasa kalagitnaan ako ng pagtawag sa sekretarya ng isang VP na gustong mag-set ng meeting kay Meredith nang may mag-pop up na IM window sa screen ko.



Mbalajadia (Sent at 12:57PM): Ash, thank you.

Mbalajadia (Sent at 12:57PM): Sa lunch.

Mbalajadia (Sent at 12:57PM): Saka sa coffee kaninang umaga.

Hindi ko napigilan. Ngumisi ako.

Amontesines (Sent at 12:57PM): You're welcome, Ma'am.

Mbalajadia (Sent at 12:57PM): Do you want to join the next meeting?

Sabi ni Sheri, minsan daw kakailanganin ako ni Meredith sa mga meeting para mag-notes, kumuha ng minutes of the meeting, etc., pero ito ang unang beses na inimitahan ako ni boss.

Amontesines (Sent at 12:58PM): Yes, Ma'am. I'd like that.

Mbalajadia (Sent at 12:58PM): Great. Sige, dial in ka na. Tatapusin ko lang 'tong meeting ko.

Amontesines (Sent at 12:58PM): Okay, Ma'am.

Nasa meeting na kami nang muling umilaw ang IM window sa screen ko.

Mbalajadia (Sent at 1:00PM): Ash, I'd like to apologize for what happened yesterday. You were right. I didn't give you a



chance.

Kumurap-kurap ako sa screen, nahiya sa sarili. Siya na naman ang unang nagso-sorry. And I feel like a total ass.

Amontesines (Sent at 1:00PM): Sorry din, Ma'am. Hindi ko kasi dapat sinabi 'yung mga sinabi ko.

Mbalajadia (Sent at 1:00PM): Hindi. Ok lang. Sometimes, I deserve to be told straight.

Sa suot kong headset, narinig ko ang sunod-sunod na beeps na nagsasaad na may ilan pang sumali sa conference call namin.

Mbalajadia (Sent at 1:00PM): Ito na. Prepare to be bored.

Amontesines (Sent at 1:01PM): I'm sure hindi naman, Ma'am. First time ko 'to, eh. Basta wala lang akong pindutin at i-delete sa system, I should be ok :)

Mbalajadia (Sent at 1:01PM): Haha :) I'm sure you can handle this.

Then I heard her voice over the phone, sounding professional, authoritative, confident and so fucking sexy it made me think of hot, inappropriate things. Na-realize kong gustung-gusto kong pakinggan ang boses niya, lalo na kung naka-sexy businesswoman mode siya.

She was... ewan ko. Basta she was turning me inside out.



Hindi ko alam kung paano ako nakakuha ng notes. Because I sat there throughout the whole meeting, grinning at my screen like an idiot.

Ganoon din ang hitsura ko hanggang sa mag-alas seis ng gabi at nagpaalam na ako sa boss ko (via IM dahil may meeting na naman siya) na uuwi na ako.

Amontesines (Sent at 5:58PM): Ma'am, uuwi na po ako.

Mbalajadia (Sent at 5:58PM): Alright.

Amontesines (Sent at 5:59PM): May sundo po kayo ngayon?

Mbalajadia (Sent at 5:59PM): Meron :) Driver ng daddy ko.

Thanks for today, ha.

Wehehey! Kinilig ako.

Amontesines (Sent at 5:59PM): You're welcome, Ma'am. Ingat kayo mamaya.

Mbalajadia (Sent at 5:59PM): Ikaw rin. I'll see you tomorrow.

Amontesines (Sent at 5:59PM): Good night, Ma'am.

Mbalajadia (Sent at 6:00PM): Good night, Ash :)

Maybe, just maybe, okay na kaming dalawa ni Meredith.



5



Nasa opisina na ako kinabukasan nang matanggap ko ang text ni Meredith na after lunch na siya papasok. Two things. Una, hindi ko alam na alam niya ang number ko kaya kinilig na naman ako. Ikalawa, sayang, tamang kape pa naman ulit ang binili ko para sa kanya. Tsk.

Okay, so disappointed talaga ako na kalahating araw ko lang siyang makakasama. Bitin. Friday pa naman na. Medyo matagal-tagal bago kami magkikita ulit.

Buong umaga akong nagtrabaho at dahil malungkot ako na wala si Meredith, tinamad akong mag-lunch. Mamaya na lang siguro pagdating niya. Makasilay man lang muna para may energy mas happy.

Nag-angat ako ng ulo mula sa screen ko nang mapansing may papalapit sa mesa ko.

The woman was beautiful, beautiful dahil kahawig niya si Meredith kahit pa siguro twenty years older siya. Maputi, makinis ang balat, mas friendly lang ang ngiti kaysa sa suplada kong boss, pero hindi maitatanggi na magkamag-anak sila. Mommy ba ito ni Meredith?

“Hi,” sabi ng babae.

“Good afternoon, Ma’am,” bati ko. “How can I help you?”

“Nandito ba si Meredith?”



“Naku, Ma’am, I’m sorry. After lunch pa po darating si Miss Balajadia.” Sinulyapan ko ang suot kong relo, 12:35 PM. “Mga 1 PM po siguro nandito na si Ma’am.”

“I see. I should have called pala,” sabi ng babae. “Pero gusto ko kasi siyang i-surprise. I just got back from Japan. I’m Vera by the way, Meredith’s aunt. You must be Ash.” She offered her hand and I took it.

“Yes, Ma’am.” Nagtataka na ako. “Did Ma’am Meredith...”

Naikuwento ba ako ni Meredith sa tita niya?

“Oh! It was actually your Ninong Ernest,” nakangiting saad ni Ma’am. “The two of us are... friends. Nabanggit nga niyang nagtatrabaho ka raw para kay Meredith.”

Ay, akala ko ikinukwento na ako ni Meredith sa mga kamag-anak niya. Umasa lang ako. “I see. Kinabahan po ako, Ma’am. Kasi kung kinukuwento ako ni Ma’am Meredith sa inyo, I’m sure puro reklamo ’yun.”

“Actually, nabanggit ka na nga rin niya sa ’kin,” pabiro niyang sagot. “Pero let’s not talk about that. Just let me say that my niece is very loyal. Kahit sino’ng pumalit kay Sheri, hindi niya kaagad makakasundo.”

And that made me feel a bit better.

“Upo muna kayo, Ma’am,” anyaya ko, “kung gusto po n’yo siyang hintayin. Ikukuha ko po muna kayo ng coffee.”

“Why, thank you.” Naupo siya sa sofa malapit sa table ko. “I’d love that.”

“You’re welcome, Ma’am. Sandali lang po ako.”



Nang dumating si Meredith bago mag-ala una, close na kami ni Tita Vera.

“Tita?”

“Meredith!” sabi ni Tita Vera bago lumapit sa boss ko. Hinalikan niya ang mga pisngi ni Meredith at mahigpit silang nagyakapan.

“Sabi ninyo next week pa kayo uuwi,” masayang sabi ng boss ko. “I wasn’t expecting you.”

“Surprise!” tawa ni Tita Vera. “Pero since late na, hindi na kita aayaing mag-lunch. I doubt may oras ka pa.”

Tiningnan ng boss ko ang relo niya. “Actually, no po. Hindi na po ako pwedeng lumabas. I have a 1:30.”

“Oh, well,” buntong-hininga ni Tita Vera. “Anyway, I just wanted to surprise you.”

“May dinner sa bahay sa Sunday, Tita. Remember? You’re coming, right?”

“Of course!” Muling hinalikan ni Tita Vera si Meredith sa pisngi bago ako binalingan at ako naman ang hinalikan sa mga pisngi. Nagulat ako. At based sa hitsura ng boss ko, nagulat din siya. “It was nice meeting you, Ash. Sasabihin ko sana ikumusta mo ako kay Ninong Ernest mo kaya lang I’ll be talking to him later.”

Tumango ako, ngumiti, at siguradong namumula ang mga pisngi ko dahil sa halik niya. Yeah, I blush. Minsan. So what? It’s a biological reaction. Hindi ko ’yun nako-control!

“The pleasure is all mine, Ma’am.”



“Tita.”

“Tita,” pagtatama ko.

“I’ll walk you to the elevator,” sabi ni Meredith at umiling ang tita niya.

“No need, Sweetie. May work ka pa. And thank you for the coffee and muffin, Ash.” Kumaway siya sa amin bago umalis.

Nanatili kaming nakatayo ni Meredith d’un sa mini-receiving area ng opisina namin. Ewan ko kung pinapanood pa niya si Tita niya. Basta ako pinapakiramdam ko na lang siya.

“Sooo... Tita?” tanong ni Meredith at nilingon ko siya. She gave me a soft, teasing smile that I wanted to kiss off her lips.

Ngumisi na rin ako. “Close yata sila ni Ninong Ernest kaya nagpatawag na siya ng Tita.”

Nagtungo sa pinggan sa coffee table ang mga mata ni Meredith kung saan naroon ang ininumang tasa ng kape ng tita niya at ang muffin na hindi nito naubos. Tumaas ang isang kilay ni Meredith. “Saan galing ’yung muffin?”

Okay, kanina, binili ko iyong mga muffins kasi ibibigay ko sana kay Meredith kasama ng kape niya. Ewan ko ba kung bakit ngayon, nahihiya akong sabihin sa kanya na dala ko iyon para sa kanya.

“Dala ko kaninang umaga.” Nag-iinit na naman ang mukha ko. “Para sa ’yo sana.”

Lumabi si Meredith. ’Yun, mas gusto kong halikan ’yung expression na ’yun. Lord, sana hindi ko sinasabi nang malakas ang mga naiisip ko. Baka mapagkamalan akong manyak kahit hindi



naman. Masyado.

“Wala na?” nagtatampo niyang tanong.

Wait, was she... nakikipagbiruan ba siya sa 'kin?

“Meron pa. Itinira ko sa 'yo 'yung banana walnut.”

Tumawa siya. “Thanks. Mamaya na lang.” She turned to her office bago huminto at inangat ang dala niyang paper bag. “Oo nga pala. Bago ko malimutan. Kumain na kasi ako sa labas. And, well... Naisip kasi kita kaya...” This time, siya naman ang namula. Iniabot niya sa akin ang paper bag. “This is for you. Thank you sa lunch kahapon.”

Hindi niya ako binigyan ng pagkakataong mag-thank you bago siya nagmadaling pumasok sa office niya.

Tumungo ako sa paper bag. Wala iyong logo ng kahit na anong restaurant kaya hindi ko alam kung saan niya iyon binili. Bumalik ako sa table ko at d'un binuksan ang bag.

Pinataob ng takeout mula sa isang sikat at mamahaling restaurant ang *Jollibee* na ibinigay ko sa kanya kahapon. Mahihiya sana ako sa *Jolly Spaghetti* ko pero masyado akong masaya na dinalhan ako ni Meredith ng pagkain.

Tiningnan ko lang iyon. Parang ayaw ko kasing kainin. Parang gusto ko lang gawing souvenir. Pero dahil ayaw ko rin namang masayang iyon, patago ko na lang kinunan ng picture ang pagkain gamit ang camera ng telepono ko.

At kapag ipinagkalat mong ginawa ko 'yun, ide-deny ko at lagot ka sa 'kin.





By 5 PM, wala na akong trabaho, sumasagot na lang ng telepono at nagpapanggap. Pero kahit na, nanatili pa rin ako sa opisina. Ayaw ko pang umalis.

Buti na lang pala.

Binabasa ko ang isang bagong pasok na e-mail nang marinig kong may nagtatawanan sa pintuan ng executive offices. Napaangat ako ng ulo para mag-usyoso at agad nag-red alert ang katawan ko nang makita si Craig kasama ang isang babae, naglalakad palapit sa mesa ko.

Tumayo ako pero hindi ako pinansin ni Craig. Dumerecho ang gago sa opisina ni Meredith, kumatok at binuksan ang pinto.

Nagkuyom ang mga palad ko. Matagal na akong hindi nakikipagsuntukan pero talagang umakyat sa ulo ko ang dugo ko. Inisip ko na lang na at least kumatok, di ba? 'Kala ko pakiramdam niya sa kanya ang opisina.

Sumunod ako sa opisina ni Meredith. "I apologize, Miss Balajadia. Hindi ko nasabing paparating si Mr. Villacorta."

Nakaupo sa likuran ng mesa niya si Meredith, nakatingin sa amin na para bang hindi pa nag-a-adjust ang utak niya mula sa trabaho. She blinked and shook her head. "It's okay," sabi niya sa akin. "Thanks, Ash."

Tumango ako sa kanya, sa dalawang pumasok nang walang pakundangan sa opisina niya, bago hinila pasara ang pinto sa likuran ko. Sa Lunes, maglalagay ako ng bomba sa tapat ng pintuan ni Meredith na sasabog lang kapag si Craig ang dumaan doon.



Mga 6:30 na nagbukas ang pintuan ni Meredith at narinig kong nagpaalam si Craig at ang kasama nito sa kanya.

“Are you sure hindi ka makakasama sa ‘min?” Sa tanong na iyon, parang dapat disappointed ang tono, di ba? Pero parang may galak sa boses n’ung babae na hindi makakasama si Meredith sa kanila. Plastic ampota.

“I’m sure,” sabi ni Meredith. “Next time na lang siguro. Congratulations ulit sa inyong dalawa.”

“Thanks, Mere,” sabi ni Craig.

“Thank you, Meredith,” ulit ng babae.

“You’re welcome. Ingat kayo.”

Patago kong pinanood ang paglayo ng dalawa. Magka-holding hands sila at walang pakundangang naglalandian sa corridor. Sumara ang pinto sa office ng boss ko at tumayo na ako. Hihintayin ko lang ding makababa ang dalawa para hindi ko sila makasabay sa elevator. In the meantime, magpapaalam muna ako kay Meredith.

Kumatok ako sa pinto niya at binuksan iyon. She was sitting behind her desk again. Nagbukas ako ng bibig para magpaalam pero tumalikod siya sa akin, nagpupunas ng mukha.

D’un pa lang, nakaramdam na ako ng kaba. “Ma’am, mauna na ‘ko.”

“Okay. Ingat ka.”

Para siyang sinisipon.

“Ma’am?” mapanukat kong tawag.

Pinilit niyang medyo humarap sa akin nang kumaway siya.



Pumasok ako sa opisina, isinara ang pinto sa likuran ko bago lumapit sa kanya. Tumalikod siyang muli nang marating ko ang tabi ng swivel chair niya.

“Meredith?” mahina kong tawag, concerned.

Suminghot siya at mahinang tumawa. This time, hindi na niya itinago ang pagpupunas niya ng luha. Marahan kong inikot ang upuan para iharap siya sa akin. Lumuhod ako sa paanan niya.

Mapula ang iling ni Meredith at basa ang mga mata. Hindi siya makatingin sa akin. Nakatingin lang siya sa butones ng suot kong polo.

“What’s wrong?” tanong ko kahit pa natahi na ng utak ko ang mga nangyari.

Best friend ni Meredith si Craig. Nagdala ng babae si Craig sa opisina nito, isang babaeng sinabihan ng boss ko ng, “*Congratulations.*” Na-friendzone ang maganda kong boss at may iba nang babae ang *friend* niya na iyon.

Medyo humapdi ang dibdib ko. She was hurting, and it was because of another guy. Medyo nakadama ako ng kirot para sa kanya at para sa sarili ko. Medyo nagseselos ako.

Suminghot si Meredith at pilit na ngumiti. “Late na. Hindi ka pa uuwi? OT ka na naman.”

Umiling ako bago sinapo ng isang palad ang pisngi niya. “Tell me.”

Sa wakas, tumingin siya sa mga mata ko. Her eyes were wet and she looked so shattered, I just wanted to pull her close and hold her and tell her stupid things to make her feel better.



Umiling siya pero tuluyan nang tumulo ang luha. Still, she tried to keep it together. Nanatili siyang tahimik, at ako yata ang aatakehin sa puso sa sobrang paninikip ng dibdib ko. Suminghot siya ulit at parang little girl na pinunasan ng mga daliri ang mga mata. I dropped my hand.

“Sorry,” natatawa niyang sabi, nahihiya. “I’m sorry you had to see that.”

Siguro medyo overstepping nang kaunti pero hindi ko natiis. Pinunasan ko ng hinlalaki ko iyong luha sa pisngi niya.

“Okay lang ’yun. Next week, ako naman ang iiyak para patas tayo.” Tumawa si Meredith at binuksan ang drawer ng pedestal para kumuha ng isang pack ng tissues mula roon. “So, will you tell me?” Huminga siya nang malalim, parang pinag-iisipan kung magtitiwala ba sa akin o hindi. “Hindi ako chismoso. Hindi ko ipagkakalat kung sasabihin mo.” Ngumiti ako. “Kay Abby ko lang ikukwento. Saka kay Manong Ferdie sa labas, kina Pete at Ray sa baba, kay Manang Elsa... kami-kami lang.”

Tumawa ulit ang boss ko. “Sira,” sabi niya. Alam kong nagdadalawang-isip siya pero alam ko rin na gusto niya ng kausap. “I’d... rather not talk about it, Ash. I’m sorry.”

Tumango na lang ako. “I understand. May sundero ka ba ngayon?”

Nakita kong hindi inaasahan ni Meredith ang tanong ko. “Oo pero mamaya pang 10. Hihintayin ko pa ’yung driver ni Dad. Nagpapahinga pa rin si Manong Randy, eh.”

Tumayo ako. “Ihahatid na kita.”



Sinundan niya ako ng tingin. “May dala kang kotse?”

“Wala, pero magpapasundo ako sa driver ng kuya ko mamaya pagkagaling ko dapat sa barkada. May inuman kasi kami. Ayaw ko namang magmaneho nang nakainom.” Diyos na mahabagin, never again. “Tatawag na ako ngayon para magpasundo para maihatid ka namin sa bahay.”

Umiling si Meredith, namimilog ang mga mata. “May plano ka pala! Sige na. Okay lang ako. Mauna ka na. Hihintayin ko na lang ’yung sundo ko.”

“Ten pa ’yun,” giit ko. “Hindi ka nga maagang pumasok pero late ka naman masyadong uuwi.”

“Okay lang ako,” she reassured me. “Sige na. Huwag mo na akong alalahanin. Friday Payday ngayon. Go. Have fun.” Ngumiti pa siya. I really wanted to hug her.

“Mamaya ka pa uuwi?”

Tumango siya. “Aalis ako ng ten.”

Tumango na rin ako. “Okay.”

“Bye, Ash.”

Ngumiti lang ako. Lumabas ako ng opisina niya at tiningnan ang relo. Pasado alas siete na. Good luck kung makarating pa ako sa Katipunan nito. Kinuha ko ang telepono ko at tinawagan si Marlon. Siyempre, nag-inarteng parang babaeng nagtatampo ang loko pero sa huli, nakumbinsi ko siyang mahalaga talaga ang kailangan kong gawin. Isama ko na lang daw sa susunod na gig ang boss ko, pambawi sa kanila. Okay lang siya? Nag-sorry ako at sinabing iinom na lang nila ako bago ko pinutol ang tawag.



Aaminin ko, minsan, oportunistang ako. At itong oportunidad na ito? Bobo lang ako kung sasayangin ko ito.



Twenty minutes later, kumatok ako sa pinto ni Meredith bago iyon binuksan. Nagkagulatan kami kasi wala siya sa mesa niya. Nakaupo siya sa sofa niya, hawak ang isang tablet at obviously, hindi nagtatrabaho.

“Ash!” Bigla siyang tumayo. Nagmamadali rin niyang isinuot ang paa sa isa sa mga sexy niyang sapatos na hinubad na pala niya. I grinned, finding it adorable. “Ano’ng ginagawa mo rito? Akala ko umuwi ka na!”

Itinaas ko ang takeout bag mula sa isa sa mga malalapit na restos sa building namin. Hindi na *Jollibee*. Sweldo naman, eh. May pera ako.

“Sabi mo mamaya ka pang 10. Bumili na ako ng dinner. Sabay na tayong kumain.”

Tiningnan lang niya ako, hindi pantay ang pagkakatayo kasi nakasapatos ang isa niyang paa habang nakayapak pa rin sa carpet ang isa. “Pero akala ko may lakad ka.”

Nagkibit-balikat ako. “Tumawag ako na di na ’ko tutuloy. Late na rin naman. Hindi na ako aabot d’un ng 8.”

Lumapit ako sa sofa, naupo roon at isa-isang inalis ang takeout containers mula sa paper bag. Tiningala ko siya. Nakatingin pa rin siya sa ’kin na parang hindi makapaniwala na naroon ako at na ginagawa ko ang ginagawa ko. Ngumiti ako.

“Huwag kang mag-alala, Ma’am. Hindi ko naman



nakakalimutang boss kita.” Hindi naman talaga. “Dinner lang po ’to. It doesn’t mean anything.” *Unless you want it to...*

Ngumiti ako sa kanya, isang inosenteng ngiti.

See, I’m harmless. You can trust me.

Then, pinigilan ko ang sarili kong magsayaw sa tuwa nang muling hubarin ni Meredith ang sapatos niya at naupo siya sa tabi ko sa sofa. “All right.”

Pinanatili kong maliit ang ngiti ko habang iniaabot sa kanya ang isang container ng roast beef kahit pa nangingisay ang puso ko.

Progress, Ash. It was progress. Be very careful.